# Kingdom Builders 1

*June 2026 / Pastor Jesse Hall / Calvary Chapel Pearl Harbor*

Go for God

**A.) Ang mga pastor at lider ay tinatawag upang magtayo**

1. Pinangunahan ni Nehemias ang muling pagtatayo ng mga sirang pader ng Jerusalem sa kabila ng pagsalungat
2. Ang mga Kristiyanong lider ay nagtatayo sa pamamagitan ng pagsasanay, pagtutuwid, at pagpapalago sa mga mananampalataya upang maging mabungang mga lingkod
3. Dapat ding ipagtanggol ng mga lider ang iglesya laban sa kasalanan, pakikipagkompromiso, at maling pag-iisip

**B.) Dinidisiplina ng Diyos ang Kanyang bayan ngunit ibinabalik din Niya sila**

1. Ang paghihimagsik at pagsamba sa diyus-diyosan ng Juda ay nagdala ng paghatol ng Diyos sa pamamagitan ng pananakop ng Babilonia
2. Nawasak ang Jerusalem — winasak ang Templo, gumuho ang mga pader, at ipinatapon ang mga tao
3. Nang maglaon ay tinawag ng Diyos ang Kanyang bayan upang bumalik at muling itayo at ibalik ang pagsamba sa Jerusalem

**C.) Ang maka-Diyos na mga lider ay may malasakit sa bayan ng Diyos**

1. Nagluksa, nag-ayuno, at nanalangin si Nehemias nang marinig niya ang kalagayan ng Jerusalem
2. Sa halip na kondenahin ang mga tao dahil sa kanilang mga pagkukulang, namagitan siya para sa kanila nang may pag-ibig
3. Ang tunay na mga pastol ay nagpapakita ng puso ng Diyos sa pamamagitan ng matiyagang paghahanap sa mga naliligaw at nahihirapang tao
4. Ang mga pakikipagtagpo sa kapangyarihan ng Diyos ay nagbubunga ng pagkamangha, kababaang-loob, at paggalang
5. Ang wastong pagkatakot sa Diyos ay nagpapaalala sa atin ng ating pagiging di-karapat-dapat, nag-iingat laban sa kasalanan, at naglalayo sa atin sa pagiging kampante

**D.) Ang mabisang ministeryo ay nagsisimula sa panalangin at pagsamba**

1. Sinimulan ni Nehemias ang panalangin sa pamamagitan ng pagtutuon sa kadakilaan, katapatan, at tipanang pag-ibig ng Diyos

2. Ang pagsamba ay nagbibigay ng tamang pananaw, kababaang-loob, at pagtitiwala sa kapangyarihan ng Diyos sa halip na sa ating sarili

3. Inihahanda ng panalangin ang mga lider sa kanilang kalooban bago sila humakbang sa panlabas na gawain ng ministeryo

**E.) Ang pagpapanumbalik ay nangangailangan ng pagpapahayag ng kasalanan at pagsisisi**

1. Kinilala ni Nehemias na ang mga panlabas na suliranin ng Israel ay nagmula sa panloob na espirituwal na pagkabigo

2. Nanalangin siya bilang bahagi ng bayan, hindi hiwalay sa kanila; isinama niya ang kanyang sarili a pangangailangan ng Israel na magsisi.

3. Nagsisimula ang pagbabagong-buhay kapag ang bayan ng Diyos ay nagpapakumbaba, nagsisisi, at bumabalik sa Kanya

**F.) Ang panalanging puno ng pananampalataya ay nakasalig sa mga pangako ng Diyos**

1. Nanalangin si Nehemias ayon sa mga pangako ng tipan ng Diyos na inihayag sa Kasulatan

2. Nagtiwala siya na mananatiling tapat ang Diyos sa Kanyang Salita at ibabalik ang Kanyang bayan

3. Ang maka-Bibliyang panalangin ay nakabatay sa pagtitiwala sa karakter at mga pangako ng Diyos

**G.) Ang ministeryo ay nagtatagumpay sa pamamagitan ng pag-asa sa Diyos**

1. Hinanap muna ni Nehemias ang Diyos bago subukang muling itayo ang mga pader

2. Pinalakas siya ng panalangin upang magtiwala sa Diyos sa gitna ng mga hamon

3. Ang Diyos ang nagsisimula ng gawain, nagbibigay-kapangyarihan sa gawain, at siyang nagpapaging matagumpay nito

**H.) Ang iglesya ay tinatawag na patuloy na magtayo at lumago**

1. Ang mga pastor ay tinatawag upang magpalago ng mga mananampalataya tungo sa pagiging ganap at mabungang mga alagad

2. Dapat na patuloy na akayin ng mga lider ang kanilang mga nasasakupan tungo sa pagsunod at pagsisisi

3. Dapat matukoy ng mga pastor at lider ang mga mahihinang bahagi ng samahan at maituwid ang mga ito sa pamamagitan ng panalangin, disiplina, at pagsasanay